# ANG KASAYSAYAN NG IGLESIA UNIDA EKYUMENIKAL-BUTOCAN

## 1996-

Sa unang pantaunang asembleya ng Iglesia Unida Ekyumenikal ay pinagkaisahan at inihayag ang pagtatayo ng misyon dito sa dako ng Butocan. Natalaga ang Rev. Virgilio Manalili upang pangunahan ang pagbubukas ng Gawain katulong si Rev. Senen Diacos,kasama ang kapatid Mely Sanchez.Sa Butocan naging punong abala ay sina kap. Nicanor Diacos,Peter Diangkinay,Nery Banayo,Gloria Diangkinay at Francisco Ortega.

## 1997-

Sinimulan ang pormal na pananambahan sa Ortega's Compound ganap na ika-5 ng hapon.Itinalagang manggagawa ay si Pred. Byron Bicomong.Binuo ni Pred. Byron ang pansamantalang pamunuan sa patnubay ng nakatalagang Pastor Rev. Emmanuel H. Infante. Ang pamunuan ay binubuo ni Kap.Nicanor Diacos bilang pangulo,Kap. Irma Cordero bilang pangalawang pangulo,Kap. Isabelita Ortega bilang kalihim,kap. Myrna Ortega bilang ingat yaman at kapatid Vivencia Ortinero bilang tagasuri.

## 1998-

Itinalagang katulong ng Pastor si Rev.Ferdie Fernando sa Iglesia ng bayan sa San Pablo at kapatid Nick Diacos bilang kasangguni ni Pastor Fernando sa Butocan.Ang mga pananambahan ay isinagawa sa garahe ng kap. Peter at Isaias Ortega.Tampok sa taong ito ang pagbabalak na humanap ng isang lugar na pagtatayuan ng isang palagiang bahay sambahan.

## 1999-

**Itinayo ang panulukang bato na pagtatayuan ng bahay sambahan sa dakong ito sa Batubalani Subd.Ang pagawain ay nagtuloy -tuloy sa kabila ng napakaraming balakid at problema. Ang taong ito ay puspos ng pag-papala para sa ating lahat.Sa pagbabalik tanaw sa kauna-unahang pananambahan sa ating Iglesya.Noong ika-16 ng Disyembre 1999,simula ng simbang gabi ginanap ang makasaysayang paglipat mula sa garahe ng mga Ortega,hawak ang mga nakasinding kandila simbolo ng maalab na pananampalataya,Naglakad ang kapatiran sa dako ng Brgy. San Gabriel,Batubalani Subd.,kasama ang mga kapatiran sa bayan at mula doon sa munting garahe hanggang sa lugar na kinatatayuan ng Iglesya,dito unang ginanap ang pagdiriwang ng unang simbang gabi.Panauhing tagapagsalita ay walang iba kundi ang ating butihing Pangulo ng kalaganapan-Pred.Justice Raoul V. Victorino.Nagpatuloy ang masisiglang gawain hanggang sa sumunod na taon.Sa taon ding ito naghost tayo ng pantaunang Asembleya**.

## 2000-2001 ITINANGI AT PINAGPALA

Nalipat ng destino si Pastor Fernando at nagtalaga dito sa ating Iglesya na noon ay Pred.Ervin Toledo katulong ang kap. Nick Diacos at mag-aaral na si Kap. Lea Balmes.Dito na rin naganap ang pormal na pagtatalaga kay Pastor Toledo bilang Pred. Evangelista de Cargo Pastor at Pastor Diakono,hanggang sa maging ganap na Pastor bilang Pastor Presbitero. Nanatili si Pastor Toledo hanggang 2005. Ang Iglesya ay isa ng nagsariling Iglesya bagamat ang inang Iglesya ay nanatiling nakasubaybay at handang tumulong sa atin. Ang kap.Voltaire Bombio ang siyang Pangulo ng konsilyo ng mga panahong iyon.

## Disyembre 2004- AKO'Y NASA IYONG MGA KAMAY

Natupad na ng buong kapatiran na mabayaran ang lupa ng kinatitirikan ng ating Iglesya. Malaking ambag ang konsyerto ng Munting Tinig  Choir at ang caroling sa mga Iglesya, tunay na nagpapatuloy ang biyaya at pagpapala sa ating Iglesya.

## 2005 -ISANG DEKADA NG PAGPUPURI AT PAGPAPASALAMAT

Naitalaga si Rev. Virgilio Manalili bilang tagapangasiwang Pastor ng ating Iglesya.Subalit isang malungkot na kaganapan,hindi natapos ang paglilingkod sa ating Iglesya. Isinugo sa atin ang Pangkalahatang kalihim Rev. Leonardo Morada upang siya ang pansamantalang manguna sa mga gawain. At dahil sa maraming kaganapan ng Pangkalahatang Kalihim ay isinugo si Rev. Dakila Quizon,na manguna sa gawain ng ating Iglesya,hanggang sumapit ang sumunod na pantaunang Assembleya.

## 2006- 2007

Pormal na itinalaga at sinugo sa ating Iglesya si Rev. Dakila Quizon,bilang tagapangasiwang Pastor at nanatili hanggang Mayo 2008.Nagpatuloy ang kasiglahan ng Iglesya sa patuloy na patnubay at pag-iingat ng Diyos.

## 2008

Muling isinugo si Rev. Ervin Toledo,bilang tagapangasiwang Pastor dito sa ating Iglesya.Ang kagalakang muli at mainit na pagtanggap ng buong kapatiran.Nagpatuloy at lalong naging masigla ang buong Iglesya.

Ang kap.Pedro Ortega ang siyang Pangulo ng konsilyo at sa suporta ng lahat ng kapatiran na nagpatuloy na nagbibigay ng kanilang mga materyal at pinansyal na suporta sa mga gawain at misyon upang magpatuloy ang lumalawak na gawain ng ating Iglesya.

## 2009-

Sa kabila ng pandaigdigang krisis pang-ekonomiya,nagpatuloy sa paglalakbay at pananampalataya ng ating Iglesya.Sa gabay ng ating paksa"Ang lahat ng karapatan at kapangyarihan ay ipinagkaloob na....Kaya tayo na(Mateo 28:18-20). Tayo ay humayo upang iparangal ang mabuting balita ng ating kaligtasan mula sa loob ng ating Iglesya patungo sa ating mga komunidad.

## 2009-2010 -

Sa panahong ito ang kongregasyon ng San Pablo,Butocan at Santiago II ay pinagisa sa Laguna Cluster bilang pagtugon sa Mission and Evangelism.Nagkaroon at nagdaos ng Cluster Assembly & Planning at nakapaghalal ng coordinating council sa pamumuno ng ating tagapangasiwang Pastor Rev. Ervin Toledo para sa mga gawain ng Cluster.Mayroong Lectionary na sinusundan ang 3 Iglesya at naglalabas sila ng gabay sa pag-aaral ng Sunday School,Isinagawa nito ang Sub-cluster ng pagdiriwang ng mahal na araw,Children's Camp at Youth Camp.Nagsasagawa din ng pagsasanay ng mga leader na miyembro ng konsilyo ng 3 Kongregasyon.

## 2011- Si Yahweh ang aking Pastol

Bagong taon ng pagpapala at puspos ng biyaya sa bawat isa.Pagsisimula ng bagong pamunuan, Pagsisimula ng mga bagong gawain at pagpapatuloy ng mga magagandang nasimulan.Sa gabay ng Lupong Patnugutan at ng ating paksa sa taong ito tunay na "Si Yahweh ang ating Pastol"

## 2012- PAKANIN AT ALAGAAN ANG AKING MGA TUPA

Ang taong ito ang ika-16 na taon ng Iglesya ng Butocan.Sa buong buwan ng Agosto ay nagkaroon ng pagdiriwang sa paksang "Pakanin at alagaan ang aking mga tupa". Bahagi ng anibersaryo ng Iglesya ay ang gawain bilang pasasalamat at isang Fund Raising Campaign ay ang DINNER FOR A CAUSE na ginawa sa Villa Evanzueda,Binigyang parangal at pagkilala ang lahat ng naging manggagawa sa Butocan.Naglalayon na makalikom ng pagpapaayos ng ating kapilya at makatulong run sa pagpapatayo ng Ekyumenikal Center sa dako ng Silang Cavite.

## 2013- HERE I AM LORD SEND ME

Ang taong ito ay isang panibagong yugto ng Iglesya,Isinugo si Pastor Ernani O. Diacos upang maging tagapangasiwang manggagawa,Isang kagalakan ng Iglesya na maglingkod sa ubasan ng panginoon ang isang anak mula sa angkan ng mga Ortega.Ipinagpatuloy ang mga nasimulang gawain ni Pastor Ervin,bagamat week end assignment si Pastor Nanie ay tinitiyak niya na ang mga gawain ay naisasagawa at naipagpapatuloy ,malaking ambag si Pastor Ervin sa

mga panahong may mga mahahalagang gawain sa mga kapatiran upang magbigay serbisyo katulad ng mga memorial services,thanksgiving katulad ng birthdays at anniversaries at marami pang iba.

## 2014- HUMAYO SA SANLIBUTAN

Bago matapos ang Ecclesiastical Year 2013-2014 ay muling nagkaroon ng paghahalal ng bagong pamunuan ng konsilyo at tutugon sa loob ng tatlong taon (2014-2017)nahalal at itinalaga ang mga sumusunod ,Kap. Warren Bombio, Pangulo, Kap. Tessie Banayo, Pangalawang Pangulo,Kap. Joan Migano, Kalihim, Kap. Myrna Ortega, Ingat-yaman, Kap. Paz Brion,Tagasuri, Ang mga Presbitero ay ang mga sumusunod:Kap. Isabelita Ortega, Kap. Voltaire Bombio, Kap. Ernesto Flores, ang mga Diakono at Diakonesa:Kap. Enrico Ortega, Kap. Nelson Flores, Kap. Eva Bombio, Kap. Evelyn Migano, At Kap. Emily Rufino. Ang mga Panguluhan ay ang mga sumusunod:Kap. Josie Bombio- Pangulo ng Paaralang Lingguhan, Kap.Vivencia Ortinero-Kababaihan, Kap. Angelito Ortega- Kalalakihan, Kap. Maricel Diacos -Koro,Kap. Albert Bacera-Kabataan.

Isa din sa mahalagang yugto sa buhay ng Iglesya ng Butocan,ay muli ang endorso ng isang manggagawa upang ordinahan at italaga bilang Pastor Presbitero sa katauhan ni Pastor Nanie Diacos,Kaya noong Ika-12 ng Hulyo,2014, ay inatangan at itinalaga bilang Pastor Presbitero sa Inang Iglesya sa IUE San Pablo si Rev.Ernani Ortega Diacos, siya din ang itinalagang manggagawa noong Ika-7 Pangkalahatang Kapulungan noong Mayo 18, 2014, itinalaga bilang katulong ng Pastor si Kap. Noel Ortinero at ang manggagawa sa Musika Kap. Evelyn Biglete. Ang lumalaking gawain ng iglesya ay tumatawag ng mga bagong manggagawa kaya noong Hunyo 15, 2014 ay nagtalaga sa isa pang manggagawa bilang Katulong ng Pastor sa katauhan ni Kap. Evangeline Almanza

## 2015-PASANIN ANG KRUS

Muling isinugo sa ating iglesya si Pastor Ervin Toledo samantala si Pastor Nanie ay isinugong muli sa Santiago 2. Inatangan bilang Pred. Ebanghelista ang Kap. Noel Ortinero noong July 5, ang Kap. Evangeline Almanza bilang Pred. Ebanghelista.

## 2016

Noong nakaraan Mayo 2016, sa pagdaraos ng taunang asembleya, magkalahong lungkot at saya ang nadama ng kapatiran. Malungkot, sa kadahilanang ang isa na namang anak ng iglesya, Rev. Ervin Toledo na halos 15 taong naglingkod sa ating iglesya ay tinawag at itinalaga upang maglingkod sa Templo Central, sa kadahilanang ang kanilang nakatalagang manggagawa na si Rev. Buddy Tiquia ay nagfile ng Temporary leave of Absence.

Subalit may kasiyahan din naman sapagkat ang sekretaryo Heneral na si Rev. Manny Infante ang siyang naging tagapangasiwang Pastor dito sa ating Iglesya. Ngunit dahil sa iba't ibang kadahilanan ng ating mga manggagawa dala na din ng pagbabago ng kanilang pisikal na lakas, ang buong iglesya sa kalaganapan ay nagkakaroon ng kakulangan sa

manggagawa at dahil sa tungkulin ni Rev. Infante sa ating buong iglesya, siya ay muling namaalam sa atin upang gampanan ang pagiging sekretaryo heneral siya sa buong iglesya.

Mabuti ang Panginoon dahil hinding hindi niya tayo pinababayaan, sa bawat pag-alis ay tiyak na may dadating, at ang isinugo sa ating iglesya ay si Pred. Byron Bicomong, dito sa ating iglesya ang kauna-unahan niyang destino bilang tagapangasiwang manggagawa. Ang buong kapatiran ay buong pusong tinanggap at sinuportahan ang ating bagong manggagawa sa patnubay ng ating Panginoon.

## 2017

Panibagong taon.. panibagong pagsasama-sama ng bagong naitalagang manggagawa sa ating iglesya. Tagasaliw ng musika Kap. Evelyn Biglete, katulong ng Pastor, Pred. Noel Ortinero at tagapangasiwang manggagawa, Pred. Byron Bicomong, magiging kabahagi din natin si Rev. Dakila Quizon para sa pagsasagawa ng ating Banal na Hapunan. Taon din ng pagpapatuloy ng mga dating pamunuan tungo sa mga bagong tagapanguna sa ating iglesya. Pagpapatuloy ng sinimulan …. patuloy sa pagpapalago.. pagpapatuloy ng pananampalataya dahil “Si Cristo ang Panulok at Matibay na Kanlungan ng Iglesya”

## 2018

Sa taong ito ay nagpatuloy si Pred. Byron Bicomong na tagapangasiwang manggagawa sa iglesya, maraming Biyaya at pagpapala ang ating Iglesya tulad ng pagpapatayo ng Sunday School Building, layunin na mas pasiglahin pa ang gawain sa iglesya.

## 2019

Sa taong kasalukuyan ay maraming kaganapan, may lungkot man na nadama dahil sa paglisan ng Pangulo ng Sunday School na si ate Josie Bombio, ay may kapalit din itong kasiyahan, sa pagdaraos ng taunang Asembleya ay naitalaga si Rev. Andreo Buerano bilang tagapangasiwang manggagawa dito sa iglesya. Maraming mga gawain ang nasimulan at nagpatuloy ma isinasagawa hanggang sa kasalukuyan.

## 2020

Sa taong ito ay ang patuloy na pangangasiwa ng ating Rev.Andreo Buerano ay nagpatuloy ang mga gawain,nagkaroon ng bagong halal na pamunuan nahalal at itinalaga ang mga sumusunod kapt.Isabelita M.Ortega,Pangulo,kapt.Tessie Banayo,Pangalawang Pangulo,Kapt.Wendy Federis ,kalihim,kapt.Irma Cordero,Ingat Yaman,kapt.Myrna Ortega Tagasuri,Ang mga Presbitero ay ang mga sumusunod,kapt.Vivencia Ortinero,kapt.Paz Brion,kapt.,Eva Bombio,Ang nga diakonesa ay ang nga sumusunod kapt Nida Diangkinay,kapt.Evelyn Migano at kapt.Lydia Lintac,hanggang sa humarap tayo sa pagsubok dala ng pandemyang covid 19 na naging dahilan ng hindi pagkakaroon ng pisikal na pagsamba sa ating iglesia

## 2021

Sa taong kasalukuyan ay patuloy pa rin nating hinaharap ang pandemyang ito.Sa pagdaraos muli ng taunang asembleya ay muling itinalaga ang ating pastor Rev.Dakila Quizon sa ating iglesia.Sa kabila man ng pandemyang kinakaharap ay nagpatuloy ang pagsamba sa pamamagitan ng online or virtual service via zoom or google meet. Sa panahong ito ay nakaramdam muli tayo ng lungkot dahil sa paglisan ng isa sa matanda ng Iglesia. Ang noo'y pangulo ng konsilyo ng ating Iglesia, Presbitero Isabelita Ortega at ng kanyang kabiyak, Diakono Peter Ortega.At sa pagsisimula muli natin sa panibagong taon samasama nating hinarap ang anumang balakid o pagsubok sa tulong ng buong pamunuan, mga miyembro at mga manggagawa, lahat ng ito ay ating malalampasan kasama ang ating Panginoon.

## 2022

Namumuhay sa Pag-asa kasama si Kristo – Buong galak at buong pagpupuri tayong nakibahagi sa konsagrasyon ng ating unang Obispo Justice Raoul V. Victorino. Tunay na mabuti ang Dios sa paghirang at pagkilala sa mga manggagawa. Pinapatunayan na tayo ay sumasandig sa pag-asang ibinigay sa atin ng Panginoon sa muling pag-ahon sa buhay dulot ng pandemya. Sa kabila ng hamon ng pagpapaalis dahil sa proyektong riles ay patuloy tayong umaasa at nanalangin ng kapanatagan para sa ating mahal na Iglesiya.

Sa araw na ito ay ipinagdiriwang natin ang ika-26anibersaryo ng ating iglesya, tunay na dakila ang pag-ibig at pagpapala ng ating Diyos. Sa ating paksang "Namumuhay sa Pag-asa kasama si Kristo sa Bagong Yugto ng Buhay". Mabuhay ang Iglesya Unida Ecumenical – Butocan. Purihin ang Panginoon!!!